# Eximia journal




Vol. 14/2025

PLUS COMMUNICATION

International
Communication & PR

*Eximia Journal*
*Vol. 14, 194-203, 2025*
*ISSN: 2784-0735*
*www.eximiajournal.com*

# Social and Personal Issues in Noli Me Tangere: A Contemporary Analysis

**Original title: Isyung Panlipunan at Tauhan sa Noli Me Tangere: Isang Kontemporaryong Pagsusuri**

Rowena C. Largo,EdD[1]
Mae Ann Q. Gaihe,EdD[2]

largor@cnu.edu.ph[1]
quingcom@cnu.edu.ph[2]

Cebu Normal University[1, 2]
Osmeña Blvd., Cebu City

---

**Abstract**

*The novel* Noli Me Tangere *is a literary work that shaped and awakened Filipino consciousness and the history of the Philippines. Rizal was inspired to write* Noli Me Tangere *after reading* Uncle Tom's Cabin *by Harriet Beecher Stowe, which depicted the suffering of Black slaves under white American masters and their cruelty and abuse. He compared this to the plight of Filipinos under Spanish rule. A deeper analysis of* Noli Me Tangere *can be used in teaching Filipino literature in schools, emphasizing how literature serves as a powerful tool in exposing social issues that remain relevant today. It highlights the role of literature in shaping national identity and unity among Filipinos. Almario (2011) noted that the novel's main characters were not only created for dramatic storytelling but also to represent the thoughts and behaviors of different Filipinos during that time. This proves that the characters play a crucial role in connecting the past to the present. The* Qualitative Research Method *was used in the form of* Content Analysis *to examine selected characters from* Noli Me Tangere, *focusing on character portrayal, ideas, social issues, and their relevance to contemporary society. Dr. Jose Rizal's* Noli Me Tangere *reflects the true state of Philippine society during the Spanish colonial era. It reveals the impact of colonialism, corruption, and the abuses of the church and government on ordinary citizens. Its characters represent different sectors of society and illustrate social problems that persist to this day. The lessons and awareness from the novel continue to inspire Filipinos to fight for their rights and freedom.*

***Keywords:*** *novel, character portrayal, ideas, social issues, relevance to contemporary society*

Abstrakt

Ang nobelang Noli MeTangere ay isang obra maestra na humubog at nagbigay sa kamalayang Pilipino at kasaysayan ng Pilipinas. Ang pagkalikha ng Noli Me Tangere sa pagbasa ni Rizal sa Uncle Tom's Cabin ni Harriet Beacher Stowe na pumapaksa sa kasaysayan ng mga aliping Negro sa kamay ng mga panginoong puting Amerikano, na naglalarawan ng mga kalupitan at pag-aabuso ng mga puti sa mga itim, kaya ito ang nag-udyok sa kanya na sumulat. Inihambing niya ito sa kapalarang sinapit ng mga Pilipino sa kamay ng mga Kastila. Ang mas malalim na pagsusuri sa *Noli Me Tangere* ay maaaring magamit sa pagtuturo ng panitikang Pilipino sa mga paaralan. Ito rin ay nagpakita na ang panitikan ay naging instrumento sa pagbubunyag ng mga isyung panlipunan na may kaugnayan pa rin sa kasalukuyan. Nakatutulong ito sa pagpapalalim ng pag-unawa sa papel ng panitikan sa paghubog ng identidad at pagkakaisa ng mga Pilipino. Sa pagsusuri ni Almario (2011), ang mga pangunahing tauhan sa *Noli Me Tangere* ay hindi lamang nilikha para sa isang dramatikong kwento kundi upang kumatawan sa mga kaisipan at kaasalan ng iba't ibang Pilipino sa panahong iyon. Masasabi na sadyang naging mahalaga ang papel ng mga tauhan sa akda na nag-uugnay sa kasalukuyang panahon. Ginamit ang "Qualitative Research Method" sa anyo ng pagsusuri sa nilalaman (Content Analysis) bilang paraan sa pagsisiyasat sa mga piling tauhan mula sa akdang Noli Me Tangere bilang nobela na nakatuon sa paglalarawan sa tauhan, kaisipan at isyung panlipunan at ugnayan sa kasalukyang panahon. Ang nobelang *Noli Me Tangere* ni Dr. Jose Rizal ay sumasalamin ng tunay na kalagayan ng lipunang Pilipino noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Ipinakita nito ang epekto ng kolonyalismo, katiwalian, at pang-aabuso ng simbahan at pamahalaan sa karaniwang mamamayan. Ang mga tauhan nito ay kumakatawan sa iba't ibang sektor ng lipunan at nagpapakita ng mga suliraning panlipunang nananatili hanggang sa kasalukuyan. Ang mga kaisipan o kamalayan, aral mula sa nobela ay patuloy na nagbibigay inspirasyon sa mga Pilipino upang ipagpatuloy na ipaglaban ang mga karapatan at kalayaan.

**Susing salita:** nobela, paglalarawan sa tauhan, kaisipan, isyung panlipunan at ugnayan sa kasalukyang panahon

## Introduksyon

Ang panitikan ay nagpapahayag sa paraang nagpaparanas sa bumabasang kaisipan at damdamin ng manunulat at sa paraang abot-kaya ng mangangatha o manunulat na nagsasaad na ito'y nagbibigay pagkakataon na maunawaan at maranasan ng mga mambabasa ang mga pagbabagong nagaganap sa bawat panahon. Idinagdag pa nito na itinatampok ang buhay, kaugalian, mga karanasan at ang kalagayan ng lipunan sa kinauukulang panahon. Salamin ito ng panahon ng kaligayahan, ng kalungkutan, ng pakikibaka, ng pagbabago, ng pagkakasundo at ng pag-unlad. Sa kabuuan ito ay naglalarawan ng sangkatauhan, Gonzales (1982).

Ang nobelang Noli MeTangere ay isang halimbawa ng akdang pampanitikan na humubog at nagbigay sa kamalayang Pilipino at kasaysayan ng Pilipinas. Ang pagkalikha ng Noli Me Tangere sa pagbasa ni Rizal sa Uncle Tom's Cabin ni Harriet Beacher Stowe na pumapaksa sa kasaysayan ng mga aliping Negro sa kamay ng mga panginoong puting Amerikano, na naglalarawan ng mga kalupitan at pag-aabuso ng mga Puti sa mga Itim, kaya

ito ang nag-udyok sa kanya na sumulat. Inihambing niya ito sa kapalarang sinapit ng mga Pilipino sa kamay ng mga kastila.

Sa aklat ni Buensuceso at Pe (1987) nabanggit na sa pagsulat ni Rizal sa kanyang nobela ay ninais niya na ang bawat bahagi ay ipasulat sa ilan niyang mga kababayan na nakababatid sa uri ng lipunan mayroon ang Pilipinas ngunit hindi ito nagkaroon ng katuparan kaya sa harap ng kabiguang ito, sinarili na lamang ni Rizal ang pagsulat ng walang katulong. Ipinaliwanag ni Rizal sa kanyang liham, sa matalik niyang kaibigang si Dr. Ferdinand Blumentritt ang kadahilanan ng pagsulat ng akdang Noli Me Tangere. Ang pamagat na Noli Me Tangere ay salitang Latin na ang ibig sabihin ay "Huwag Mo Akong Salingin" hango ito sa Ebanghelyo ni San Lucas na inihambing niya sa isang bulok na lipunan na nagpapahirap sa buhay ng mga tao. Sa bandang ito, malaki ang impluwensya ng kasaysayan sa pagsulat ng Noli Me Tangere sapagkat ito ay nagpapatunay lamang na may ugnayan ang kasaysayan at panitikan. Upang mabigyang kabuluhan ang nobelang Noli me Tangere ay ipinatupad ang pagpapalaganap ng pagtuturong pampanitikan sa mga mag-aaral. Ang bagong kurikulum ng Department of Education, ang K to 12 Kurikulum ay nag-aatas sa pagtuturo ng akdang pampanitikan lalo na ang nobelang Noli Me Tangere sa ikatlong taon sa sekundarya upang ikintal sa isipan at puso ang diwa ng nasyonalismo sa mga kabataan na kapupulutan ng mga aral buhat sa pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal.

Ang mas malalim na pagsusuri sa *Noli Me Tangere* ay maaaring magamit sa pagtuturo ng panitikang Pilipino sa mga paaralan. Ito rin naging nagpakita sa kung paano ang panitikan ay naging instrument sa pagbubunyag ng mga isyung panlipunan na may kaugnayan pa rin sa kasalukuyang panahon. Nakatutulong ito sa pagpapalalim ng pag-unawa sa papel ng panitikan sa paghubog ng identidad at pagkakaisa ng mga Pilipino. Sa pagsusuri ni Almario (2011), ang mga pangunahing tauhan sa *Noli Me Tangere* ay hindi lamang nilikha para sa isang dramatikong kwento kundi upang kumatawan sa mga kaisipan at kaasalan ng iba't ibang Pilipino sa panahong iyon. Masasabi na sadyang naging mahalaga ang papel ng mga tauhan sa akda na nag-uugnay sa kasalukuyang panahon.

## Paglalahad ng Suliranin

Layunin ng pag-aaral ang analisis sa pamaraan ng pagkalahad ng Noli Me Tangere sa mga piling tauhan sa nobela upang makita ang kahalagahan at kabuluhan nito. Tiniyak sa pag-aaral ang kasagutan sa sumusunod ayon sa paglalarawan sa tauhan, kaisipan, isyung panlipunan at ugnayan sa kasalukyang panahon.

## Metodolohiya

Ginamit ang "Qualitative Research Method" sa anyo ng pagsusuri sa nilalaman (Content Analysis) bilang paraan sa pagsisiyasat sa mgba piling tauhan mula sa akdang Noli Me Tangere bilang nobela na nakatuon sa paglalarawan sa tauhan, kaisipan,at isyung panlipunan at ugnayan sa kasalukyang panahon.

## Pagtatalakay at Natuklasan

Ang kaisipan ng tauhan ay tumutukoy sa kanyang mga paniniwala, saloobin, at prinsipyo sa buhay. Ipinapakita nito kung paano niya nauunawaan ang mundo at kung paano siya kumikilos batay sa kanyang karanasan, edukasyon, at moralidad na makikita sa mga tauhan ng Noli Me Tangere.

Ang *Noli Me Tangere* ay isang makasaysayang nobela na isinulat ni Dr. José Rizal upang ibunyag ang pang-aabuso ng mga Kastila sa Pilipinas. Ang mga tauhang nilikha niya ay hindi lamang mga kathang-isip kundi sumasalamin din sa tunay na kalagayan ng lipunan noong panahon ng pananakop. Ang kanilang pananaw at kaisipan ay hinubog ng umiiral na sistemang panlipunan, relihiyon, at edukasyon. Si Crisostomo Ibarra, bilang isang edukadong Pilipino, ay naniniwala na ang edukasyon ang susi sa pag-unlad ng bayan, samantalang si Elias ay may radikal na paniniwalang tanging rebolusyon ang makapagliligtas sa mga Pilipino. Ang kanilang magkasalungat na pananaw ay nagpapakita ng dalawang magkaibang pamamaraan ng paglaban sa pananakop, ang isa ay sa pamamagitan ng mapayapang reporma, at ang isa naman ay sa pamamagitan ng marahas na pagbabago.

**Talahanayan 1**
**Paglalarawan sa Tauhan at Kaisipan**

| Tauhan | Paglalarawan | Kaisipan |
|---|---|---|
| **Crisostomo Ibarra** | Tahasan ang paglalarawan dahil isa- isang inihayag ng manunulat ang katangian ni Crisostomo Ibarra tulad ng mayamang kapitalista, mabuting tao. | Naniniwala na ang edukasyon ang susi sa pagbabago at pagsulong ng bayan. |
| **Maria Clara** | Tahasan ang paglalarawan dahil isa- isang inihayag ng manunulat ang katangian ni Crisostomo Ibarra tulad ng mayamang kapitalista, mabuting tao.<br><br>Ang paglalarawan ay tahasan na inilalahad ng may- akda ang katangian ni Maria Clara, gaya ng maganda, mabait at mabuting anak dahil ang may-akda mismo ang nagbigay deskripsyon. | Naniniwala na ang edukasyon ang susi sa pagbabago at pagsulong ng bayan.<br><br>Ang babae ay dapat maging masunurin sa magulang at simbahan, kahit pa labag ito sa kanyang damdamin. |
| **Kapitan Tiago** | Tahasan ang paglalarawan dahil si Kapitan Tiyago ay isang ginoong may kapandakan, kayumanggi | Mas mahalaga ang sariling kapakanan kaysa sa kapakanan ng bayan. |

| | | |
|---|---|---|
| | ang kulay, bilugan ang mukha at may kaunting katabaan, na dulot ng langit ayon sa kanyang mga kaibigan samantalang ito raw ay " buhat sa dugo" ng mahihirap ayon ng kanyang mga kalaban. Siya ay isa sa pinakamayaman sa Binundok dahil sa kanyang mga ari- arian at negosyo. | |
| **Elias** | Ang pagkakalahad ay tahasan sapagkat inihahayag ng may- akda ang katangian ni Elias na binata na may matikas na anyo, matipunong pangangatawan, maitim, mahaba ang buhok at sa damit niyang kamisatsino ay maaaaninag ang mga siksik na laman ng kanyang bisig. | Ang pagbabago ay hindi makakamit sa mapayapang paraan kung hindi sa isang rebolusyon |
| **Padre Damaso** | Tahasan ang paglalarawan ng may- akda dahil inilarawan si Padre Damaso ay isang paring Dominikano na umalipusta sa pakatao at kakayahan ni Ibarra. | Ang mga Pilipino ay mahihina at hindi dapat bigyan ng kalayaan, kaya dapat manatili na kontrolin mga Kastila. |
| **Padre Salvi** | Tahasan ang paglalarawan ng may- akda dahil inilarawan si Padre Salvi isang paring Pransiskano na may lihim na pagtingin kay Maria Clara at palihim na nagtraydor kay Ibarra. | Ang relihiyon ay maaring gamitin bilang kasangkapan ng kapangyarihan |
| **Pilosopo Tasyo** | Ang paglalarawan ay tahasan na inilalahad ng may- akda ang katangian ni Pilosopo Tasyo sa mga taong may pinag- aralan at Tasyo ang baliw sa maga karaniwang tao. | Ang edukasyon ay magpapalaya sa bayan. |
| **Tinyente Guevarra** | Tahasan ang paglalarawan ng may- akda dahil inilarawan si Tinyente Guevarra isang matapat na | Ang katapatan at katarungan ay higit sa personal na interes. |

| | | |
|---|---|---|
| | tinyente ng gwardiya sibil na nagsalaysay kay Ibarra hinggil sa nangyari sa ama nito. | |
| **Basilio at Crispin** | Tahasan ang paglalarawan ng may- akda dahil inilarawan kina Basilio at Crispin ay mga anak ni si Sisa, kakikitan ng kahirapan sapagkat ang suot na damit ay pulos sulsi at tagpi. | Ang mahihirap ay walang kalaban-laban laban sa makapangyarihan. |
| **Sisa** | Ang paglalarawan ay tahasan na inilalahad ng may- akda ang katangian ni Sisa ay isang mabuting may bahay na kilalang isang mabuti, mapagmahal na ina sa kanyang mga anak. | Ang isang ina ay handang magsakirpisyo para sa mga anak kahit siya pa ay apihin ng lipunan |
| **Donya Victorina** | Ang paglalarawan ay tahasan na inilalahad ng may- akda ang katangian ni Pedro na bana ni Sisa ay isang sugarol, iresponsable at mapagpabayang bana at magulang. | Mas mataas ang ang mga dayuhan kaysa sa mga Pilipino |
| **Don Tiburcio** | Ang paglalarawan ay tahasan na inilalahad ng may- akda ang katangian ni Donya Victorina ay isang ginang na may apatnapung limang taong gulang ngunit nagpapanggap na tatlumpu't limang taong gulang lamang. | Mas madaling suminod kaysa lumaban |
| **Tiya Isabel** | Ang paglalarawan ay tahasan na inilalahad ng may- akda ang katangian ni *Don Tiburcio de Espadaña ay isang pobreng kastilang taga- Extremadura na napadpad sa pulo ng Luzon.* | Ang isang babae ay dapat na sumunod sa nakatantanda at sa pamantayan sa lipunan |

Ang mga babaeng tauhan sa nobela ay naglalarawan ng umiiral na kaisipan sa lipunan noong panahong iyon. Si Maria Clara ay itinuturing na huwaran ng isang dalisay at masunuring Pilipina, sumusunod sa kagustuhan ng simbahan at pamilya—isang repleksyon ng paniniwalang ang mga kababaihan noon ay dapat manatiling tahimik at umayon sa patriyarkal

na mga alituntunin. Samantala, si Sisa ay sumasalamin sa isang inang nagdurusa sa ilalim ng umiiral na sistema—isang biktima ng pang-aabuso at katiwalian laban sa mahihirap. Ang kanilang mga karanasan ay nagpapakita ng di-pantay na pagtrato sa kababaihan at mahihirap, isang isyung panlipunan na patuloy na umiiral hanggang sa kasalukuyan. Ayon kay Reyes (1992), ang papel ng kababaihan sa panitikan ay madalas na nagpapakita ng kanilang kawalan ng kapangyarihan sa lipunan, tulad ng inilarawan sa katauhan nina Maria Clara at Sisa.

Bukod sa isyu ng edukasyon at kababaihan, matindi ring binatikos ng *Noli Me Tangere* ang katiwalian sa pamahalaan at simbahan. Ang mga karakter tulad nina Padre Damaso at Kapitan Tiago ay kumakatawan sa mga makapangyarihang indibidwal na ginagamit ang kanilang posisyon para sa pansariling kapakinabangan. Ang pananaw ni Padre Damaso na hindi dapat bigyan ng kalayaan ang mga Pilipino ay manipestasyon ng kolonyal na kaisipang nagdulot ng matagal na pagkaalipin ng bansa. Ayon kay Agoncillo (1974), ang pananakop ng mga Kastila ay hindi lamang nagdulot ng pisikal na paniniil kundi pati sikolohikal, kung saan napaniwala ang mga Pilipino na sila ay likas na mababa at hindi kayang pamunuan ang kanilang sariling bayan.

Natuklasan na ang *Noli Me Tangere* ay hindi lamang isang simpleng nobela kundi isang akdang nagsisiwalat ng tunay na kalagayan ng lipunan noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Ang mga tauhan nito ay naglalarawan ng iba't ibang pananaw at kaisipan na sumasalamin sa mga suliraning panlipunang nananatili pa rin sa kasalukuyan. Ang kanilang paniniwala at kilos ay nagpapakita ng patuloy na pakikibaka ng mga Pilipino para sa edukasyon, pagkakapantay-pantay, at tunay na kalayaan. Hanggang sa ngayon, ang mga aral mula sa nobela ay nagsisilbing inspirasyon sa mga Pilipino upang ipaglaban ang kanilang mga karapatan at kasarinlan.

**Isyung Panlipunan at Ugnayan sa Kasalukuyang Panahon**

Ang isyung Panlipunan ay tumutukoy sa mga suliraning kinakaharap ng isang lipunan na may malawakang epekto sa mga mamamayan. Ito ay maaaring kaugnay ng ekonomiya, edukasyon, politika, kultura, relihiyon, o iba pang aspeto ng pamumuhay at ang ugnayan sa kiasalukuyang panahon ay tumutukoy sa kung paano patuloy na umiiral o nagbabago ang isang isyung panlipunan sa kasalukuyang lipunan. Maraming suliraning tinalakay noon sa panitikan, tulad ng *Noli Me Tangere* ni Rizal, ang nananatili pa rin sa kasalukuyan ngunit sa ibang anyo o mas malawak na saklaw.

Ang *Noli Me Tangere* ni Rizal ay isang akdang pampanitikan na hindi lamang naglalarawan ng mga tauhan kundi nagbubunyag din ng malalalim na suliraning panlipunan na umiiral noon at patuloy na nararanasan sa kasalukuyan. Ang mga tauhan sa nobela ay kumakatawan sa iba't ibang sektor ng lipunan at nagpapakita ng mga problemang dulot ng kolonyalismo, katiwalian, at pang-aapi. Isa sa mga pangunahing isyung tinalakay sa nobela ay ang kahalagahan ng edukasyon, na isinakatawan ng tauhang si Crisostomo Ibarra. Ang kanyang hangaring magtayo ng paaralan ay sumasalamin sa paniniwala ni Rizal na ang edukasyon ay isang mahalagang susi sa kaunlaran ng bayan. Sa kasalukuyan, nananatiling hamon ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas, kung saan maraming Pilipino ang walang access sa de-kalidad na edukasyon dahil sa limitadong pondo at mga kaso *ng katiwalian sa sektor na ito (David, 2018).*

**Talahanayan 2**
*Isyung Panlipunan at Ugnayan sa Kasalukuyang Panahon*

| Tauhan | Isyu | Ugnayan |
|---|---|---|
| Crisostomo Ibarra | Kawalan ng maayos na edukasyon at reporma | Patuloy na hamon sa sistema ng edukasyon at reporma sa Pilipinas |
| Maria Clara | Gender inequality at patriyarkal na lipunan | Patuloy na diskriminasyon at gender roles sa kababaihan |
| Kapitan Tiyago | Pakikisama sa mga may kapangyarihan para sa pansariling interes | Political dynasty sa kasalukuyang panahon |
| Elias | Walang hustisya at pang-aapi sa mga mahihirap | Karahasan, kawalan ng hustisya, at social inequality |
| Padre Damaso | Pang-aabuso ng simbahan at kolonyalismo | Isyu ng korapsyon at pakikialam ng relihiyon sa politika |
| Padre Salvi | Panggagamit ng relihiyon sa pananakot at control | Religious fundamentalism at pananamantala sa mahihina |
| Pilosopo Tasyo | Hindi pinakikinggang intelektwal at repormista | Suliranin ng fake news at misinformation sa modernong lipunan |
| Basilio at Crispin | Pang-aapi sa mahihirap; kawalan ng hustisya; kakulangan sa edukasyon | Marami pa ring kabataan ang hindi nakakapag-aral dahil sa kahirapan. Ang kawalan ng hustisya ay makikita pa rin sa hindi pantay na pagtrato sa mahihirap at mayayaman sa sistema ng hustisya. |
| Sisa | Kahirapan at pang-aabuso ng may kapangyarihan | Suliranin ng domestic abuse at mental health |
| Donya Victorina | Kolonyal na mentalidad at diskriminasyon | colonial mentality sa modernong Pilipino |
| Don Tibursio | Kawalan ng tunay na kakayahan ngunit ginagamit ang sistema para sa pansariling kapakanan | Political opportunism at incompetence sa mga lider |

Habang, ang gender inequality ay ipinakita sa katauhan nina Maria Clara at Sisa. Si Maria Clara ay isang larawan ng dalisay at masunuring babae sa ilalim ng patriyarkal na lipunan, habang si Sisa naman ay biktima ng sistemang nagpapabaya sa mga mahihirap, lalo na sa mga kababaihang inaapi. Hanggang ngayon, marami pa ring kababaihan ang nakararanas ng diskriminasyon, karahasan, at kawalan ng pantay na oportunidad sa lipunan. Ayon sa pag-aaral ni Mendoza (2019), ang Pilipinas ay may mataas na gender gap pagdating sa employment at leadership positions, na nagpapakita ng patuloy na hamon sa gender equality.

Ang isyu ng kawalan ng hustisya naman ay makikita sa buhay ni Elias, isang karakter na nagpakita ng rebolusyonaryong kaisipan bilang tugon sa pang-aabuso ng mga may kapangyarihan. Ang kanyang paniniwala ay makikita sa kasalukuyang panahon sa pamamagitan ng mga aktibistang lumalaban sa human rights violations at social inequality. Ayon kay Tadem (2020), ang kasaysayan ng Pilipinas ay puno ng mga kilusan laban sa pang-aapi, na nagpapatunay na ang laban para sa katarungan ay hindi pa tapos.

Isa rin sa mga pangunahing isyung tinalakay sa Noli Me Tangere ay ang pang-aabuso ng simbahan sa kapangyarihan, na inilarawan sa katauhan nina Padre Damaso at Padre Salvi. Ginamit nila ang relihiyon upang makontrol ang mamamayan at panatilihin ang kanilang kapangyarihan. Sa kasalukuyan, nananatiling isang kontrobersyal na usapin ang pakikialam ng ilang religious groups sa politika, lalo na sa pagpapatupad ng mga batas na may kinalaman sa reproductive health at same-sex marriage (Joaquin, 2017). Ang ganitong pakikialam ay nagpapakita ng patuloy na labanan sa pagitan ng sekularismo at konserbatibong pananaw na may malalim na ugat sa kolonyal na kasaysayan ng bansa.

Sina  Sisa, Basilio at Crispin ay mga tauhan sa Noli Me Tangere na kumakatawan sa kalagayan ng mga mahihirap na bata noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Sila ay mga batang sakristan na nagtatrabaho sa kumbento upang matulungan ang kanilang pamilya, ngunit sa halip na makaranas ng kalinga, sila ay nakaranas ng pang-aapi at pang-aabuso mula sa mga nasa kapangyarihan, partikular na mula sa mga prayle. Ang kanilang kwento ay nagpapakita ng matinding kawalan ng hustisya, hindi lamang sa panahon ni Rizal kundi maging sa kasalukuyang lipunan.

Hindi rin matatawaran ang epekto ng kolonyal na mentalidad sa pagkakakilanlan ng mga Pilipino, na makikita sa katauhan nina Donya Victorina at Don Tiburcio. Si Donya Victorina ay isang Pilipinang ikinahihiya ang kanyang sariling lahi at nagnanais maging mistisang Espanyol, habang si Don Tiburcio naman ay isang mapanlinlang na dayuhan na nakahanap ng pwesto sa lipunan sa kabila ng kanyang kawalan ng tunay na kakayahan. Ayon kay Joaquin (2017), ang kolonyal na mentalidad ay nananatili sa kasalukuyang panahon sa anyo ng colorism at labis na paghanga sa kultura ng Kanluran. Maraming Pilipino ang nagiging biktima ng ganitong kaisipan, na siyang humahadlang sa tunay na pag-unlad ng pambansang identidad at pagpapahalaga sa sariling kultura.

Natuklasan na ang mga isyung tinalakay sa Noli Me Tangere ay hindi lamang bahagi ng kasaysayan kundi patuloy pa ring umiiral sa modernong panahon. Ang edukasyon, hustisya, gender equality, pang-aabuso ng simbahan, at kolonyal na mentalidad ay ilan lamang sa mga problemang patuloy na hinaharap ng mga Pilipino. Ang panitikan, tulad ng nobela ni Rizal, ay isang mahalagang kasangkapan sa pagbibigay-liwanag sa mga isyung ito at sa pagbibigay-inspirasyon sa mga Pilipino upang ipaglaban ang kanilang karapatan. Ayon kay Tadem (2020), ang panitikan ay may kakayahang magmulat ng kaisipan at himukin ang mga tao na kumilos para sa pagbabago. Dahil dito, nananatiling mahalaga ang Noli Me Tangere sa pag-unawa sa kasaysayan at sa patuloy na pagsusuri sa kalagayan ng lipunan.

## Kongklusyon

Ang nobelang Noli Me Tangere ni Dr. Jose Rizal ay sumasalamin ng tunay na kalagayan ng lipunang Pilipino noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Ipinakita nito ang epekto ng kolonyalismo, katiwalian, at pang-aabuso ng simbahan at pamahalaan sa karaniwang mamamayan. Ang mga tauhan nito ay kumakatawan sa iba't ibang sektor ng lipunan at nagpapakita ng mga suliraning panlipunang nananatili hanggang sa kasalukuyan. Ang mga kaisipan o kamalayan, aral mula sa nobela ay patuloy na nagbibigay inspirasyon sa mga Pilipino upang ipagpatuloy na ipaglaban ang mga karapatan at kalayaan.

## Rekomendasyon

Iminumungkahi na tunay na mahalagang ipagtuloy na pag-aralan at suriin ang Noli Me Tangere upang maunawaan ang mga isyung panlipunang tinatalakay nito at ang kaugnayan nito sa kasalukuyang panahon. Dapat itong gamitin bilang kasangkapan sa pagpapalawak ng kaalaman at kamalayan ng mga Pilipino, lalo na sa larangan ng edukasyon at pagpapahalaga sa kasaysayan. Hikayatin ang mas malalim na talakayan tungkol sa mga temang inilalarawan sa nobela upang magsilbing gabay sa pagsusulong ng pagbabago sa lipunan. Sa pamamagitan nito, mapapanatili ang diwa ng adhikain ni Rizal at maipagpapatuloy ang laban para sa hustisya, pagkakapantay-pantay, at tunay na kalayaan.

## References

[1] Agoncillo, T. A. (1974). *History of the Filipino people.* R. P. Garcia Publishing Co.
[2] Almario, V. (2011). *Pag-unawa sa ating panitikan.* UP Press.
[3] Buensuceso, T., & Pe, J. (1987). *Jose Rizal: Tanglaw ng kabataan.* UST Publishing House.
[4] David, R. (2018). *Education and poverty in the Philippines.* University of the Philippines Press.
[5] Gonzales, L., et al. (1992). *Panitikan sa Filipino (Pandalubhasaan).* Rex Book Store Inc.
[6] Joaquin, N. (2017). *Religion and politics in the Philippines.* Ateneo de Manila University Press.
[7] Mendoza, R. (2019). *Gender roles in the Philippine society.* UP Center for Women's Studies.
[8] Reyes, A. T. (1992). *The role of women in Philippine literature.* University of the Philippines Press.
[9] Tadem, T. (2020). *Social movements and the fight for justice in the Philippines.* University of the Philippines Press.